Del Rosario Christian Institute




Teacher Jean A. Atchina

# Yunit 1 Ang Kontinente ng Asya





## Aralin 1 Heograpiya ng Asya




Ang **heograpiya** ay nanggaling sa mga salitang Griyego na *geo* na ibig sabihin "lupa o mundo" ay *graphia* na nangangahulugang " pagsusulat". Kaya ang heograpiya ay may kahulugang "pagsusulat tungkol sa mundo".

Ang **kasaysayan** o *history* sa wikang Ingles ay nanggagaling naman sa salitang Griyego na *historia* na "kaalaman o pagkukwento". Ang mga kaalaman o kwento tungkol sa nakaraan ang bumubuo ng kasaysayan.

# Paksa 1: Lokasyon ng Asya




Sa pagtatakda ng lokasyon ng isang lugar sa globo, mahalagang mabatid muna ang ilang mga konseptong may kaugnayan dito.

Ang ***longitude*** ay ang distansyang ***angular*** na natutukoy sa silangan at kanluran ng Prime Meridian.Ito rin ay ***malalaking bilog o great circles*** na tumatahak mula sa ***North Pole*** patungong ***South Pole.***

Ang ***Prime Meridian*** na nasa Greenwich sa England ay itinatalaga bilang ***zero degree longitude.***

Ang ***latitude*** ay ang distansyang angular na natutukoy mula sa hilaga o timog ng ***equator o ekwador***.

Ang ***equator*** ay humahati sa globo sa hilaga at timog na hemisphere o hemispero. Ito rin ay tinatakda bilang ***zero degree latitude.***


Ang ***Tropic of Cancer*** ay isang linyang imaginary na tumutunton sa hilagang hangganan ng ***Tropical Zone***. Ang Tropic of Cancer ay matatagpuan ***23.5 degree*** hilaga ng equator.

Ang ***Tropic of Capricorn*** ay isang linyang imaginary na tumutunton sa timog na hangganan ng Tropical Zone. Ang Tropic of Capricorn ay matatagpuan ***23.5 degree*** timog ng equator.

# Paska 2: Hangganan ng Asya




Batay sa tradisyon, ang hangganan mg Asya sa Hilaga ay mula sa paanan ng **Kabundukang *Ural*** , ang tradisyunal na hangganan ng Europa at Asya, sa baybay-dagat ng ***Kara Sea*** hanggang sa ***Kipot Bering*** ; mula sa Kipot Bering tutungo patimog hanggang sa ***Karagatang Pasipiko***, madadaanan ang kapuluan ng Japan, Taiwan, hanggang sa hilaga ng Pilipinas; mula sa hilaga ng pilipinas tutungo sa ***Dagat Timor***; mula rito ay pakanluran tungo sa ***Karagatang Indian*** at ***Dagat Arabia***, babagtasin ang ***Red Sea*** patungo sa hilaga hanggang sa ***Mediterranean Sea***; dadaanan ang baybayin ng ***Asia Minor*** sa bandang ***Aegean Sea***, dadaanan ang ***Caucasus Mountains*** tungo sa ***Caspian Sea***; at mula sa Caspian Sea tungo sa ***Ural River*** pabalik sa ***Ural Mountains.***



## Sukat at Hugis

Ang Asya ang pinakamalaking kontinente sa buong daigdig. Binubuo ito ng *48* na bansa. May tinatayang kabuuang sukat ito na umaabot sa *44,339,000* kilometro kuwadrado o halos isang katlo ng kabuuang sukat ng kalupaan ng daigdig. Ang Asya ay higit pa sa apat na ulit ang laki kaysa Europe at sa pinagsamang sukat ng kalupaan ng Hilagang Amerika at Timog Amerika, kasama ang Australia.

